at tawanan ng mga magtatapos sa araw na iyon. Sumahimpapawid ang Sagip Ani Radyo Eskwela sa pamamagitan ng DXRD Davao City.

Samantala ang RMN-DYRI Iloilo naman ang naging tulay upang makapag-aral sa radyo eskwela ang mga magsasaka sa lalawigan ng Iloilo.

“Malaking tulong ang SOA dahil nade-disseminate sa amin yung mga hindi pa namin alam tungkol sa postharvest facilities.”

“Malaki ang tulong ng SOA sa amin. Palagi ko ngang inaalok ang aming samahan na ugaliing makinig sa school-on-the-air,” pahayag ni Luis Baniyas ng Aglosong Siemprebiba Irrigators' Association ng

Concepcion, Iloilo noong araw ng kaniyang pagtatapos. Kaya naman bilang pasasalamat ng mga kalahok, noong araw ng kanilang pagtatapos, Disyembre 21, 2009, ay may dala-dala silang pasalubong. Mayroong nagbitbit ng upo, sitaw, saging, native na manok at iba pang mga uri ng prutas at gulay. Humigit kumulang 200 magsasaka ang naitalang nagtapos sa SOA sa naturang lalawigan.

Kabilang rin ang mga magsasakang Kapampangan, Waray at Bicolano na bumangon ng maaga para sa Sagip Ani Radyo Eskwela na ginanap noong 2010.

Para sa mga magsasakang ito, patuloy ang kanilang pagsisikap na matutunan ang mga makabagong kaalaman sa pagsasaka para mapalago at mapangalagaan ang kanilang mga ani.

Mula nang sumahimpapawid ang unang Sagip Ani Radyo Eskwela sa bayan ni Mang Lao, apat na taon na ang nakararaan, marami ng mga magsasaka ang nagtapos. Hangga’t marami pang magsasaka ang gaya nila Mang Lao na bumabangon ng maaga para mapakain ang bayan ay magpapatuloy ang PHilMech sa paghahatid ng mga makabagong teknolohiya at kaalaman.



Larawan ng Matagumpay na Magsasaka ni Mila B. Gonzalez



Ang bawat tao ay may kanya-kanyang kahulugan ng tagumpay. Para sa ilan, ang tagumpay ay kahalintulad sa pagkakamal ng maraming pera. Para sa iba, ito ay nangangahulugan ng pagiging makapangyarihan o sikat. Anuman ang kahulugan, ang tagumpay ay nakasandig

sa layunin ng tao. Kapag nakamit ang mga inaasam-asam, ang tao ay masasabing tagumpay na sa buhay.

Sa larangan ng agrikultura, maraming magsasaka ang matatawag nating matagumpay. Sila ang modelo ng kanilang hanay na maaaring tularan. Ang iba ay kinikilala, binibigyang parangal. Ang iba

naman ay hindi napapansin. Ganun pa man, patuloy ang kanilang pagsisikap at pagpupunyagi. Tahimik at mapagkumbaba nilang binibigay ang kanilang ambag sa sangkatauhan—pagkain.

Sino ang matagumpay na magsasakang Pilipino? Paano niya nakamit ang tagumpay sa buhay?

Ilang matatagumpay na magsasaka

Matatagpuan ang maraming matagumpay na magsasaka sa industriyang makatapos-ani sa butil. Si Ginoong Ricardo Buenaventura ng Tabacao, Talavera, Nueva Ecija ay isa sa mga ito. Pangulo siya ng Nagkakaisang Magsasaka Agricultural Primary Multi-Purpose Cooperative. Siya at ang kanyang grupo ay matagumpay na nalagpasan ang mga pagsubok sa pagsasaka at hamon sa pagtatayo ng kooperatiba. Isang lider-magsasaka, nasa puso niya ang interes ng kanyang kooperatiba. Hindi nakapagtata kang ang kanilang organisasyon na noong 1992 ay binubuo lamang ng 16 na miyembro, ngayon ay umaabot na ng 1,164 na miyembro. Ayon kay Manager Teresita Serrano, ang pag-aari ng kooperatiba ay umaabot na rin ng P173 milyon hanggang Agosto 2013.

Ang maganda pa nito, ang bayanihan ay buhay na buhay sa kooperatiba. Ayon sa mga miyembro, ang pagiging tapat ng mga lider at pagkakaroon ng disiplina ng mga miyembro ang pangunahing dahilan ng kanilang pag-unlad. Dahil ang mga miyembro ay nagtitiwala sa kanilang lider, ibinibigay nila nang lubos ang kanilang kakayahan para sa kabutihan ng kooperatiba.

Ang kwento ni G. Buenaventura at ang kanyang kooperatiba ay madalas nang naikukwento kung saan-saan. At patuloy itong pinananabikan ng madla dahil ito ay kwento ng mga taong patuloy na lumalaban sa mga pagsubok at kahinaan. At sila ay patuloy ding nagwawagi.

Sa industriyang makatapos-ani sa high value crops, isang magsasaka ang angat sa iba dahil sa kanyang sipag at tiyaga. Siya ay si Ginoong Francisco Ching ng Mankayan, Benguet. Si G. Ching ang 2011 Gawad Saka Awardee ng Kagawaran ng Pagsasaka para sa high value crops category. Siya ang may-ari ng John Kenny Farms sa Benguet. Dahil sa mataas na kalidad ng kanyang litsugas, nabibili ang mga ito sa pamilihan ng Manila tulad sa Dole-Asia at Kentucky Fried Chicken.

Ayon kay G. Ching, sipag at tiyaga ang sikreto niya sa tagumpay bilang isang magsasaka at mamimili ng gulay. Ayon pa sa kanya, “madali ang kumita sa agrikultura kung may sipag at tiyaga”.

Sina G. Buenaventura at G. Ching ay ilan lamang sa mga matatagumpay na magsasaka sa kani-kanilang larangan. Sila ay may mabuting asal, angking talino, matatag na paniniwala at pananampalataya.

Higit sa lahat gumagawa sila ng paraan upang maabot ang kanilang mga pangarap.

Mga Sangkap ng Tagumpay

Ang kabutihang asal ay bukas na sikreto

Karamihan ng mga matagumpay na magsasaka ay tinuturo ang sipag, tiyaga, determinasyon at disiplina bilang sikreto ng kanilang tagumpay. Sa madaling salita, kabutihang asal ang kanilang bukas na sikreto. Dahil ang mga magsasaka ay determinado, pilit nilang inaabot ang kanilang mga pangarap sa buhay. Nagtitiyaga sila kahit anong mangyari. Ang kanilang kabiguan ay hindi sagabal sa pag-abot ng kanilang pangarap sa buhay. Sila ay nagtrabaho nang mabuti hanggang ang kanilang paghihirap ay magbunga. Dahil sila ang mga taong may integridad, nakukuha nila ang tiwala ng kanilang kapwa magsasaka at maging ng mga institusyon ng pangutangan at pamahalaan.

Kaalaman ang susi sa mga oportunidad

Ang kaalaman ay maaaring sariling kaalaman o nakuhang kaalaman. Ang kaalaman sa sarili ay kaalaman sa sariling layunin at kung paano ito makakamit.



niya ang mga serbisyong maaari nyang pakinabangan at ang mga oportunidad na ito ay kanyang sinusunggaban. Ito ay dahil na rin sa kanyang patuloy na paghahanap ng kaalaman at pagtatasa sa sarili.



Hindi nasusukat sa dami ng diploma ang tagumpay ng isang magsasaka. Mayroong matatagumpay na magsasaka na hindi nakapagtapos ng kolehiyo. Kapag ang magsasaka ay naghahanap ng kailangang

kaalaman at teknolohiya sa pagsasaka ay saka nabubuksan ang pintuan ng oportunidad.

Si G. Buenaventura ay bukas sa mga bagong kaalaman. Hindi siya takot sa pagbabago. Ito ang dahilan kung bakit ang kanilang kooperatiba ay tanghalan ng mga bagong teknolohiya tulad ng hybrid rice na pinapalaganap ng Philippine Rice Research Institute o PHilRice at ang demakinang patuyuan na may pugong biomass na pinapalaganap ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization o PHilMech. Dahil sa hybrid rice, ang mga magsasakang miyembro ng kooperatiba ay umaani ng mula 150 hanggang 250 kaban bawat ektarya. Dahil naman sa pugong biomass na ginagamit sa demakinang patuyuan, bumababa ang gastusin ng kooperatiba sa pagpapatuyo ng palay.

Sa tamang aksyon, maganda ang resulta

Ang isang matagumpay na magsasaka ay naghahanap ng kaalaman at ginagamit niya ito. Napagtanto ni G. Ching na ang pagdadala ng mga gulay tulad ng litsugas sa ordinaryong trak ay nagdudulot ng kawalan sa ani at di-kagandahang kalidad ng produkto. Nalaman niya na ang teknolohiyang “cold chain”

ay pinapalaganap ng PHilMech at ang probinsya ng Benguet. Sinunggaban agad niya ang oportunidad para sa kanyang aning litsugas. Nakiusap siya para gamitin ang refrigerated trak at mga pasilidad na cold storage sa Wangal, La Trinidad, Benguet.

“Ako ang unang nag-adopt ng cold chain technology ng probinsya ng Benguet,” pagmamalaki ni G. Ching. “Kapag sobrang dami ng produksyon, pinapasok namin sa cold chain facilities...Kapag walang market, meron kaming pinag-iiwanan.. Ang mga high value crops, kailangang nakapasok sa cold storage. Hindi pwede ilabas dahil masisira talaga,” dagdag pa ni G. Ching.

Ito ang dahilan kung bakit mataas ang kalidad ng litsugas na dinadala ni G. Ching sa Manila. Sa tamang aksyon, maganda ang resulta.

Maniwala, manampalataya

Maniwala sa pangarap. Ang pagtitiwalang ito ang magtutulak kaninuman upang makamit ang tagumpay sa kabila ng maraming balakid.

Si G. Buenaventura ay naniwala na kayang magtatag ng kooperatiba para sa serbisyo. Naniwala siya sa abilidad ng

mga miyembrong magsasaka na lagpasan ang mga problema. Hindi siya nagkamali. Ngayon, ang Nagkakaisang Magsasaka Agricultural Primary Multi-Purpose Cooperative ay buong loob na nagseserbisyo hindi lamang sa mga magsasaka kundi sa komunidad na kinabibilangan nito.

Ano ang mga kailangan upang maging matagumpay na magsasaka? Para kina G. Buenaventura at G. Ching ang kaalaman, paggawa, kabutihang asal tulad ng sipag at tiyaga at pagtitiwala ay ilan lamang sa mga dahilan kung bakit sila matagumpay.

Ang kaalaman ay kailangan upang ito ang maglatag ng malinaw na daan na tatahakin. Ang paggawa ay kailangan upang ang landas na ito ay kayang tahakin. Ang kabutihang asal ay kailangan upang magsilbi itong gabay tungo sa tuwid na landas. At ang pagtitiwala ay kailangan upang manatiling buhay ang loob sa pagtahak sa landas tungo sa inaasam-asam na tagumpay kahit sa harap ng mga maraming balakid.

Ang mukha ng tagumpay sa sektor ng pagsasaka ay naiguhit na. Ang larawan ay nakasabit na


rin sa dingding ng tagumpay. Ito ngayon ang nagsisilbing inspirasyon sa ibang magsasaka dahil patunay ito na ang tagumpay ay kaya ring abutin kahit sa sektor ng agrikultura.

Sanggunian:

Gonzalez, M.B., M.L. Jose, R.P. Estigoy, E. S. Embuscado, V.B Caliguiran. 2010. Agripreneur. Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization: Science City of Munoz, Nueva Ecija


Estigoy, R.P. (ed). 2011. Technopreneur. Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization. Science City of Munoz, Nueva Ecija

Gonzalez, M.B., M. L. Jose, and R.P. Estigoy. 2012. Process Documentation, Packaging and Dissemination of PHilMech Success Stories on the Grains Postharvest Industry. Unpublished Terminal Report. PHilMech: Science City of Munoz, Nueva Ecija



“Lahat kaya mong abutin kung magtitiwala ka sa sarili mong kakayahan.”

Two-in-one plus one GAGAPASIN na GIGIIKIN pa mababa pa ang losses niya



Ang combine harvester ay isa sa mga makabagong makinaryang pambukid na kayang gumapas, gumiiik at maglinis ng hanggang 3 ektaryang palay kada araw sa loob lamang ng 8 oras.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lamang sa:

Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHILMech)

CLSU Compound, Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tel. No.: (044) 4960-213/290/282

Fax No.: (044) 4960-110

Website: www.philmec.gov.ph

o kaya sa DA-Regional Field Unit sa inyong lugar.



Hi-Tech na si Mang Juan

ni Modesto L. Jose

Niwasan ni Mang Juan na masilaw sa sinag ng araw habang nakatayo siya sa pinto at nilalanghap ang simoy ng sariwang hangin. Pinalambot na ng ulan ang tigang at matigas na lupa. Hudyat ito na maaari nang ihanda ang lupa para sa pagtatanim.

Ipinasan niya ang ararong gawa sa kahoy at saka pumunta sa bukid. Ipinosisyon niya ito sa hulihan ng barakong baka. Kinabitan niya ito ng pamatok at saka ginamitan ng tungkod na pantaboy para magtrabaho. Kinakayod ng bakal na dulo ng araro ang lupa upang makahukay ng mabababaw na kanal at tuwid na tudling.

Ngayon, puwede nang maghasik ng punla si Mang Juan. Habang hawak ng



isa niyang kamay ang supot ng binhi, isinasaboy naman ng isa niyang kamay ang mga buto.

Pagkatapos, susuyurin naman niya ang lupa. Gumagamit siya ng asada para buhaghagin ang lupa at alisin ang mga panirang-damo na maaaring sumakal sa tumutubong binhi. Pagkatapos nito, nagdarasal siya para sa masaganang ulan at matiyagang maghihintay ng

ilang buwan bago niya maani ang kanyang pananim.

Ito ang kuwento ng mga magsasaka sa sinaunang panahon. Nakaugat sa matrabaho, makaubos-oras at nakakapagod na pamamaraan ng pagsasaka. Malayo na ito sa mga magsasakang bukas ang isip sa pagtanggap ng mga produkto ng makabagong panahon.

Sa modernong panahon ng teknolohiya, nagsipagsulputan na nga ang mga makabagong makina, kasangkapan, kagamitan, pamamaraan at mga proseso. Mula sa primitibong kagamitang bato noong sinaunang panahon ay napalitan na ito ng mga de-makinang kagamitan na malaki ang naiambag sa pagpapagaan ng buhay ng tao lalo na ng mga magsasaka.

Kakaiba na ang pamamaraan ngayon ni Mang Juan. Makabago na. High-tech, ang wika nga ng iba. Tinalikuran na nya ang mga manu-manong

paraan. Ang mga kagamitan na niya ngayon ay mga de-makina na. Sa paghahanda ng bukid sa pagtatanim, traktora na ang

minamaneho niya. Higit na maginhawang gamitin at mas epektibo. Drum seeder na rin ang gamit ni Mang Juan sa pagtatanim ng butil at hindi na manwal na pagsasabog o di kaya naman ay mechanical rice transplanter at hindi manu-manong paglilipat-tanim.

Ibang-iba na nga si Mang Juan. Naging bukas kasi siya sa pagtanggap ng modernisasyon sa pagsasaka.

Nakisabay siya sa mekanisadong panahon. Madali na tuloy ang mga gawain niya sa produksyon at sa makatapos-ani at napataas rin at napaganda ang kalidad ng mga ani niya.

Gumagamit na rin si Mang Juan ng mga makatapos-aning makinarya tulad ng mga modernong pang-ani, patuyuan at panggiling. Dulot nito ay ang pagbaba ng mga nasasayang na butil.

Tinatayang nasa 3 porsyento lamang ang nasasayang na butil gamit ang mga makabagong pang-ani tulad ng combine harvester kumpara sa kabuuang 4.29 na porsyento kung manu-mano ang proseso ng pag-aani, pagsasalansan at paggiik ng palay.

Sa pagtutuyo naman, higit na mababa ang nasasayang na butil sa mga mekanikal na patuyuan na nagtala lamang ng isang porsyento kumpara sa 5 hanggang 10 na porsyento sa tradisyunal na paraan tulad ng highway drying. Mas marami rin ang natutuyo sa mekanikal na patuyuan at higit na mas maganda ang kalidad kaysa sa tradisyunal na paraan.


Sa panggiling naman ng palay ay mas mataas ang antas ng milling recovery at rice recovery ng mga modernong

panggiling kaysa sa tradisyunal na paraan. Nasa 65 hanggang 70 na porsyento ang milling recovery at rice recovery sa modernong panggiling gamit ang multi-pass rice mill kumpara sa 55 hanggang 60 na porsyento lamang sa mga single-pass na rice mill.

Sa patuloy na pagiging bukas ni Mang Juan sa pagtanggap ng mga makabagong teknolohiya at proseso, walang duda at pag-aalinlangan na makakamit ni Mang Juan ang kasapatan ng bigas na kanyang inaasam.

Sanggunian:

Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization, 2011. Mga Gabay sa mga Gawaing Makatapos-ani, CLSU, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.



Tala-arawan

Sa Makabagong Makinarya, Mas Magaanang Buhay Para Sa Magrarak

Kung dati ay sagwan at lambat ang kanyang hawak at malawak na dagat ang kanyang ginagalugad, ngayon ay mga pansakahang kasangkapan na ang gamit niya at ekta-ektaryang lupain ang kanyang sinasaka.

Siya si Ginoong Ariel J. Tonga, 50 taong gulang at tubong Bicol na ngayon ay ganap ng Tarlakenyo. At ito ang kanyang kwento...

"Iniwanan ko ang simpleng buhay mangingisda sa Ragay, Camarines Sur upang makipagsapalaran sa dayuhang bansa bilang isang aircon technician. Matapos ang apat na taong paninilbihan ko sa lupain ng mga banyaga ay nasumpungan ko ang naging kabiyak ng aking buhay na si Divina, taga barangay Amucao, Tarlac City. At dito kami bumuo ng sarili naming pamilya.

Taong 2004 nang mapabilang ako bilang isa sa 19 na tagapanguna sa pagtatatag ng isang kooperatiba, ang Amucao Seed Growers Agro Industrial Cooperative. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga taga rito kung kayat personal na akong nagdesisyon na magsimula na rin sa pagsasaka upang mabago ang takbo ng aking buhay. Tulong ng aking mga kasamahan ay natuto akong magsaka. Nagsimula ako sa dalawang ektaryang lupang sakahan. Tulad nila ay tinaniman ko ito ng sertipikadong binhing palay. Maganda ang kita na umaabot sa 60 libong piso kada ektarya. Sa kasalukuyan, mula sa naipong pera na kinita mula sa pagsasaka ay nagrerenta ako ng karagdagang 12 ektaryang sakahan. Kapag mas malaki kasi ang lupang sinasaka, mas mataas ang kita. Halos isang dekada na ang aming kooperatiba. Patuloy ito sa paglago. Umabot na kami ngayon sa 72 miyembro at may kabuuang 150 ektaryang lupain na tinataniman ng ASGAIC certified seeds. At mula

sa kabuuang 9, 500 pisong pera na nalikom namin sa bawat miyembro ay napalago na namin ito sa mahigit 200 milyong piso. Bunga ito ng halos isang dekada naming pagsisikap at pagtitiyaga na mapaunlad ang kooperatiba. Kaagapay nito ang masaya at maayos na samahan ng mga miyembro. Isinasantabi namin ang 'self-interest' at mayroon kaming 'transparency'. Dito po sa koop ay isinantabi ng bawat isa ang kaisipan na ang koop ay para lamang makautang. Naniniwala po kami na kapag sarili lamang ang inisip at hindi maging tapat sa samahan ay wala rin ang pag-unlad na inaasam.

Sa kasalukuyan, ako po ang tumatayong Seed Coordinator sa aming kooperatiba. Katungkulan ko po ang pamamahala sa paghahanap ng market ng aming mga ani. At sa pagsusulong po ng inyong lingkod bilang Kagawad ng aming barangay at sa pamamagitan ng pagsisikap ng bawat miyembro, ang aming barangay sa pangunguna ng aming kooperatiba

ay kinilala na bilang Palay Seed Capital of Tarlac. Ang aming produkto na dati ay sa Tarlac lamang tinatangkilik ay umaabot na rin ngayon sa mga lalawigan ng Bataan, Zambales at Quezon.

Kinikilala na rin po ang ASGAIC ngayon bilang isang model coop sa lungsod, lalawigan at rehiyon. At sa pagpapatuloy po ay maaaring sa loob ng bansa.

Sa patuloy na pagsisikap ng bawat isa sa amin, inaasahan namin ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng aming kooperatiba. Nakikita namin na sa susunod pang mga taon ay makikilala na rin ang ASGAIC rice na nais naming pasukin sa tulong ng bagong ricemill na itinatayo namin ngayon.

Ang tagumpay ng aming kooperatiba ay bunsod din ng patuloy na suporta ng ibat-ibang ahensya ng pamahalaan. Ang Cooperative Development Authority (CDA) na patuloy na sumusubaybay sa amin sa pamamahala ng samahan, ang

Department of Agriculture mula sa National hanggang City office sa pagbababa sa amin ng kanilang mga programa, ang Philippine Rice Research Institute (PhilRice) sa pagtitiyaga sa

bawat miyembro na mapahusay ang produksyon ng certified seeds, at sa Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech) sa paggabay nila sa amin sa mga operasyon ng aming pananim.



Malaking tulong po ang mga makabagong makinarya na iniaantabay ng PHilMech sa amin. Sa pagtatanim, kung dati ay 3 libong piso ang bayad sa pagtatanim ng isang ektarya ngayon ay 1, 300 piso na lamang ang binabayad ng mga miyembro ng koop gamit ang mechanical transplanter. Napapaaga pa nito ang pagtatanim na umaabot lamang ng 12 araw mula pagkapunla ng binhi kumpara sa 25-30 araw sa ordinaryong pagtatanim. Gamit ang mekanikal na transplanter ay natatapos taniman ang isa't kalahating

ektarya hanggang dalawang ektarya kada araw. Dulot nito ay hindi stress ang punla kung kayat mabilis ang recovery nito at maraming magsuhi.

Malaki rin ang tulong ng mga drying facility mula sa PHilMech. Dati-rati'y problema namin ang pagtutuyo ng palay lalo na sa panahon ng tag-ulan. Sa tulong ng flatbed dryers ay hindi na namin problema ito. Nakapagpapatuyo na kami kaagad kahit umuulan. Sa ganitong paraan ay naiwasan ang pagkasira ng binhi. Ang ginagawang binhi ay kailangan kasing mapatuyo kaagad upang hindi maapektuhan ang germination o pagtubo nito.

Sa lahat po ng mga walang sawang tumutulong sa amin, sa ngalan po ng Amucao Seed Grower Agro Industrial Cooperative, maraming maraming salamat po!"

"Sa patuloy na pagsisikap ng bawat isa sa amin, inaasahan namin ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng aming kooperatiba."



Dangal ng PHilMech

TIPID sa punla tama ang distansya ani'y MASIGLA



Ang mechanical rice transplanter ay isang makabagong makinarya sa pagtanim ng kasisibol na palay. Kaya nitong taniman ang 1 hanggang 2 hektaryang bukid kada araw.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lamang sa:
Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech)
CISU Compound, Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. No.: (044) 4560-213/290/282
Fax No.: (044) 4560-110
Website: www.phimech.gov.ph



Engr. Rodel G. Idago

Isinulat ni Vladimir B. Caliguiran



da•ngál png [Bik Kap Tag] 1: katangian o kalagayan ng pagiging mahusay, mahalaga, karapat-dapat, o kagalang-galang: DIGNIDAD, DUNGOG, PURI 2: mabuting pangalan o reputasyon – pnr ma•ra•ngál. –UP Diksiyonaryong Filipino

Da•ngál,

katangiang inaasam ng lahat; mahusay, mabuting pangalan, karapat-dapat at ipinagmamalaki. Katangiang hindi mo makukuha sa isang gabi at hindi natutumbasan ng anumang ginto at salapi.

Isa si Engr. Rodelio G. Idago sa mga may katangiang ito. Nito lamang taon, iginawad sa kanya ang pinakamataas na



pagkilala sa mga empleyado ng PHilMech—ang Dangal ng PHilMech. Ito na ang pangalawang pagkakataon sa magkasunod na taon na igawad kay Engr. Idago ang naturang parangal.

Umpisa pa lamang ng kanyang karera bilang isang mananaliksik ay unti-unti nang binuo ni Rodel ang kanyang pangalan sa naturang larangan. Katatapos niya pa lamang noon ng kursong Bachelor of Science in Agricultural Engineering sa Central Luzon State University agad siyang kumuha ng board exam para sa kanyang propesyon noong 1996. Tinanghal siyang pang-siyam na may pinakamataas na marka sa lahat ng kumuha ng pagsusulit sa buong bansa.

Pumasok si Engr. Idago bilang isang Science Research Analyst ng Postharvest Systems

Department sa PHilMech na noo’y BPRE pa lamang sa parehong taon. “Bago akong researcher noon, napaka-abstract para sa akin ang research,” pagkukwento niya. Ngunit unti-unti rin naliwanagan ang daan patungo sa kanyang tagumpay bilang isang Agricultural Engineer sa tulong ng kaniyang superbisor na si Dr. Renita SM. Dela Cruz.

“He was hired for the project funded by NAFC, working on the white potato commodity with Ms Ma. Cecilia Antolin. He was chosen from among the many ag. eng. applicants because of his high academic performance and his bubbly attitude - always with wide smile from his face. After the white potato project, he assisted in the tramline project. This is where he was exposed to the rigors of actual field research,” pagkukwento ni Dr. Dela Cruz.

“Si Ate Babes (Dr. Dela Cruz) kasi ay magaling na magtrain. From time to time, binibigyan ka niya ng mabigat na responsibility. Binibigyan ka niya ng break na ikaw ang nagpapalano (sa project). Dahil dun, na-e-enhance ang iyong skills,” saad nito. Nilinang pa lalo ni Engr. Idago ang kanyang kahusayan sa pamamagitan ng paglahok sa mga scientific fora at regular na pagbabasa ng mga scientific journal.

Hanggang ngayon, sariwa pa rin sa alaala ni Engr. Idago noong atasan siyang itanghal ang kanilang research project kasama si Dr. Dela Cruz sa taunang In-house Research and Development Review sa PHilMech at makuha nila ang unang gantimpala. Nagsilbing inspirasyon at nagpalakas ng loob ni Rodel ang pagkakataong iyon upang lalo pang paghusayan ang kaniyang mga ginagawa.

“His development in the field of research is spontaneous. He loves what he does ... kaya para siyang hindi natatrabaho. He is not afraid to make mistakes... he can readily bounce back. He’s persistent and ask questions from people whom he knows can guide him,” dagdag pa ni Dr. Dela Cruz. “Bilang researcher kapag ibinigay sa iyo ang trabaho mo, gagawin mo talaga ‘yung pinakamagandang magagawa mo, you have to do your best. Hindi ka makagagawa ng maganda kung hindi mo gusto yung ginagawa mo,” paglalahad niya.

Magmula noon, naging suki na ng in-house review si Engr. Idago at laging isa ang kanyang mga gawa sa mga proyektong nagkakamit ng gantimpala. Ngunit para sa kanya, ito’y maliit lamang na batayan ng tagumpay sa kanyang mga gawa.

“Ang gauge kung talagang magaling kang researcher ay kung ginagamit ang output mo, ang discovery mo. For example ‘yung tramline, yun kasi ang isa sa mga unang involvement ko sa mga project, wala namang monetary incentives pero kung makikita mo na maraming interested, maraming gumagamit at maraming nag-a-adopt ay yun na lang ang reward. Another is yung sa coffee, marami na kasing nag-adopt rin, bilang isa sa mga major contributor ng research na ‘yun, ay ‘yun na lang ang pinaka non-monetary gain na nakukuha namin,” natutuwing pag-aamin nito.

Ang kanyang sikreto para mataas ang porsiyento na magagamit ang kanyang mga ginagawang tecknolohiya

ay, “dapat talaga wag ka mawala sa stakeholders ng tinutulungan mo, kahit konti pa lang ang nagagawa mo i-validate mo sa kanila, ganito ang size, capacity, cost, sa tingin mo ba magiging praktikal na gamitin ito at i-adopt...seriously tine-take namin ang mga comments nila...involve mo dapat ang technology-users”.

Higit pang kinilala ang kanyang kakayahan sa pananaliksik nang igawad sa kanya ang PHilMech Natatanging Kawani- Research Category noong 2004. Sa parehong taon, nagsimula siyang mag-aral ng Master of Science in Agricultural Economics sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños. Natapos niya ito noong 2009. At noong 2010, ginawaran siyang muli ng Natatanging Kawani-Research Category na muli rin niyang natanggap sa dalawang sumunod na taon kasabay ng Dangal ng PHilMech. Sa kasalukuyan, si Engr. Idago ay isa ng Science Research Specialist II ng Socio-economic and Policy Research Division sa PHilMech.

Sa pagdaan ng panahon lalo

pang nahasa ang kakayahan ni Engr. Idago. Para sa kanya, ang pagiging inhinyero at ekonomista sa larangan ng agrikultura ay magandang tambalan sa pananaliksik. Natutugunan ng kanyang pagiging ekonomista ang mga bagay kaugnay sa social samantalang sa teknikal na aspeto naman niya nagagamit ang pagiging inhinyero.

Ayon pa sa kanya ang ‘pag-aaral sa kabuuan ng industriya gaya ng paghahanap sa gap, sa

kung sino ang may problema, sino ang mga gagamit ng teknolohiya, papaano sila makikinabang dito, ano ang meron siya para gamitin ang nagawang teknolohiya’ ay ilan lamang sa mga mahahalaga at pangunahing impormasyon na kinakailangan upang maging matagumpay ang isang proyekto.

Unti-unti rin nakilala ang kanyang mga gawa sa iba’t-ibang scientific conferences at R&D reviews gaya na lamang ng Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) R&D Awards. Sa ngayon, kinikilala na rin ng ibang mga ahensya ang kakayahan ni Engr. Idago. Sa katunayan, iniimbitahan siyang magsalita at ibahagi ang mga resulta ng pag-aaral ng kaniyang grupo lalong-lalo na sa kape. Kinuha siya ng Agricultural Training Institute upang

“Ang magandang kinabukasan ay para sa mga taong nagtitiwala sa kanilang kakayahan.”



maging pangunahing tagapagsalita sa pagsasanay ng mga provincial at regional planners tungkol sa makatapos-ani ng kape na ginanap sa iba't-ibang bahagi ng bansa noong 2012.

Itinuturing niyang isa ang pag-aaral niya sa pagpapaunlad sa value chain ng kapeng arabica, robusta at liberica ang isa sa mga malaking kontribusyon niya sa industriya. Sa proyektong ito, inalam ng kanyang grupo ang mga suliranin sa sistema ng pagkakape at mga paraan para mapabuti pa ang mga gawaing makatapos-ani sa kape. Sa kanilang nabuong bagong postharvest system, maaaring mabawasan ang pagkasira ng kalidad ng kape ng siyam na porsyento at makatutulong ito na madagdagan ng P2,400 hanggang P5,500 ang kita kada anihan ng mga magsasaka ng kape sa bansa.

Ayon pa kay Dr. Dela Cruz, buong-pusong ibinuhos ni Rodel ang kanyang oras sa proyekto sa kape sa kagustuhang matulungan ang mga magsasaka nito. "The project on coffee is a project of love and concern to help the small-scale farmer-growers to continue and improve what they are producing by giving them appropriate technologies. Coffee farmers (specially Arabica growers) are marginalized... with little profit from what they produce yet they take pride in preserving their culture of growing and sipping the aromatic arabica coffee (Arabica can successfully

be grown in the highlands). Many have become interested because the project has identified the appropriate technologies for coffee."

Sa kabila ng mga tagumpay na nakamit ni Rodel sa lumipas na 16 taon, nanatili pa rin na nakasayad ang kanyang mga paa sa lupa. Sa tuwing siya'y iyong makasasalamuha hindi mo maiwasang ngumiti at tumawa dahil sa magaling niyang sense of humor. Ayon sa kanya, ang magandang pakikisama sa lahat ng taong makakasama mo ay isa sa mga dahilan para sa ikatatagumpay ng proyekto.

"Dapat maganda ang relationship mo sa lahat sa field, sa office, sa mga kasama mo sa division, mga kasama mo sa support gaya ng mga drivers, sa mga taga-ibang division... 'Yung pagiging outstanding employee, hindi ko tinitingnan na output ko 'yun, contributory lahat, ang boss mo, mga kasama mo sa division, ang mga ibang engineers na hiningan mo ng komento sa design na ginagawa mo at nagpahiram ng shop, at iba pa," pagbabahagi ni Rodel. Kapansin-pansin nga ang 'barkadahan' na turing ni Rodel sa kanyang mga kasamahan sa trabaho. Simple nga lamang ang kanyang payo

para sa kanyang mga nakababatang kasamahan. "I-enjoy mo lang mga ginagawa mo, kapag pillit kasi parang nagcocomply ka lang...dapat dedicated ka. Dapat pro-active ka...strongly involve ka dapat sa project, mag-

inject ka ng idea at kapag tinanggap ito ng supervisor mo eh nagmamature ka na... At yung research mo ay kaya mong

ikwento sa ilang pangungusap lang at naiintindihan ng hindi researcher," natutuwang paglalahad pa ni Engr. Idago.

Higit sa lahat, ang pagsasabuhay niya sa PHilMech Core Values na may akronim na CITES. C-creativity na sumasalamin sa kanyang pagkamalikhain at mapamaraan sa pag-aaral ng mga problema at solusyon; I-integrity o may integridad at tapat sa kanyang mga tungkulin at gawain; T- team work o ang mahusay na pakikisama niya sa loob at labas ng opisina, E- excellence o kagalingan sa lahat ng kanyang mga ginagawa; at S- spirituality o ang pagka-maka-Diyos na sumasalamin sa kanyang pakikipagkapwa at sa kanyang pamilya.

Pag-aamin pa niya ang paggawad sa kanya bilang Dangal ng PHilMech ay may kaakibat na mabigat na responsibilidad, "Dapat ikaw ang maging example. Eto yung liability sa

side mo, iba na kasi expectation nila. Dapat i-prove or disprove mo yung tingin nila sa'yo. Pero inspiration din 'yun, kapag narerecognize ka nakaka-boost din ng ego, naiinspire ka na i-push pa lalo".

Sa edad na 39, sa dami ng mga dumarating na inspirasyon, naniniwala si Engr. Rodelio Idago na marami pa siyang magagawa at maitutulong sa pagpapaunlad ng agrikultura sa bansa.



Tanong at Sagot

Tanong: Anu-ano ang magagawa ng mekanisasyon sa pagsasaka? Sagot:

*Mas maraming ani

Ayon sa mga pag-aaral, ang mas magandang pagbungkal, pag-aayos sa lupang pagtatamnan, ang napapanahong pagtatanim at paglalagay ng pataba ay nakapgpapataas ng ani

*Mas madalas ang pagsasaka

Sa paggamit ng makinarya sa bukid, mas mapapadali ang gawain sa pagsasaka. Nanaisin tuloy ng mga magsasaka na dalasan pa ang pagtatanim

*Mas mababa ang nasasayang na mga butil

Ang paggamit ng makinarya ay makatutulong para bumaba ang 16.47 porsyentong nasasayang na butil tuwing makatapos ani.

Modernong paggiling. Ang mga ito ay may mataas na antas ng milling recovery at rice recovery kaysa sa tradisyunal na paraan.

Mekanikal na patuyuan. Ang mga ito ay mas maraming natutuyo at ang mga butil na natutuyo rito ay higit na mas maganda ang kalidad kaysa sa tinutuyo sa tradisyunal na paraan.

*Mas maraming magagawa

Napapadali at napapabuti ng mekanisasyon ang proseso ng pagsasaka. sa tulong ng mga makabagong makinarya, nababawasan ang trabaho ng magsasaka at ng kanyang pamilya. Dahil dito,, nagkakaroon ng oras ang pamilya ng magsasaka na makahanap ng iba pang pagkakakitaan.

*Mas mataas na antas ng paggamit ng mga ani at mga karagdagang produkto

Magagamit ng mga magsasaka ang mekanisasyon sa paglikha ng iba pang produkto. Halimbawa ay ang paggamit ng ricehull-furnace. Dahil ito ay carbonizer na rin, makagagawa ito ng carbonized rice hull na mainam na pataba.

Sangggunian:

Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization, 2012. Mga Tanong at Kasagutan: Programa sa Mekanisasyon ng Pagsasaka ng Kagawaran ng Pagsasaka, CLSU, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.



Ang PHilMech

Sa maraming taon, ang Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech) ay nagsasagawa ng mga pananaliksik, pagpapaunlad at pagpapalaganap ng mga gawaing makatapos-ani.

Sa ngayon, ito ay nagpapalaganap na ng mga teknolohiyang makatapos-ani sa merkado.

Sa pagpasa ng Batas Republika bilang 8435 o Agriculture and Fishery Modernization Act (AFMA) noong 1997, pinapangunahan ng PHilMech ang pagbibigay ng mga pamamaraang makatapos-ani upang palakas ang mga sektor ng agrikultura, pangisdaan at paghahayupan.


Para sa karagdagang kaalaman, makipag-ugnayan sa:

The Director IV

Philippine Center for Postharvest Development
and Mechanization (PHilMech)
CLSU Compd., Science City of Munoz, Nueva Ecija
Tel. Nos.: (044) 456-0213;0290;0282;0287
Fax No.: (044) 456-0110
Website: www.philmech.gov.ph

PHilMech Liaison Office
3rd floor, ATI Building,
Elliptical Road, Diliman, Quezon City
Tel.Nos.: (02) 927-4019; 4092
Fax No.: (02) 926-8159

Follow us on:

 @philmech
 facebook.com/philmech